Pangalan: Omar R. Rosales
Paksa ng Khutbah: “Ang Kabutihan ng Pagpili ng Mabuting Kaibigan sa Islam”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 26, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga mahal kong kapatid sa pananampalatayang Islam, isipin ninyo ang isang maliit na halaman na itinanim sa lupa. Upang ito ay lumago at mamulaklak, kailangan nito ng malusog na lupa na puno ng sustansiya. Kung ang lupa ay mataba at masagana, ang halaman ay lalago nang matibay at magbubunga ng mabuti. Ngunit kung ang lupa ay puno ng mga bato at buhangin o pangit na lupa, ang halaman ay malalanta at mamamatay. Ganyan din ang ating mga sarili. Tayo ay tulad ng halaman, at ang ating mga kaibigan ay parang lupa na nagbibigay sa atin ng suporta at impluwensiya. Kapag ang ating mga kaibigan ay mabubuti, sila ang nagiging sustansiya na tumutulong sa atin na lumago sa pananampalataya at kabutihan. Ngunit kung masama ang kanilang impluwensiya, maaring ito ang sisira sa ating sariling moralidad at pananampalataya.

Karamihan ng panahon sa ating buhay ay ginugugol sa pakikipag-ugnayan sa pamilya, kaibigan, at kasamahan sa trabaho. Ginagawa natin ito upang makahanap ng kasiyahan o upang mapawi ang ating kalungkutan. Sa iba’t ibang paraan ay nakikisalamuha tayo sa mga tao, sa trabaho, sa negosyo, sa larangan ng sports, o sa mga libangan na nagbibigay aliw at saya. Sa ganitong ugnayan, nagkakaroon tayo ng mga kaibigang maaaring sandalan sa panahon ng pangangailangan. Ngunit hindi lahat ng pagkakaibigan ay nagdadala ng tunay na kabutihan sa ating buhay.

May mga kaibigan na kasama lamang natin sa mga panandaliang kasiyahan, tulad ng paglalaro ng basketball, pamamasyal, o iba pang libangan. Ang ugnayang ito, bagama't nagbibigay ng pansamantalang kasiyahan, ay limitado sa makamundong bagay. Hindi lahat ng kaibigan ay kapareho natin ng hilig at minsan, ang kanilang presensya ay hindi nakapagpapalapit sa atin sa mas makabuluhang layunin sa buhay, lalo na sa pagpapalalim ng ating relasyon sa ating Panginoon.

May mga kaibigan din na sa halip na dalhin tayo sa landas ng kabutihan, ay nagiging sanhi pa ng ating paglayo sa ating Tagapaglikha. Sila ang mga kasama natin sa trabaho, eskwela, o mga kasamahan sa negosyo na maaaring nagbibigay saya ngunit nagiging daluyan ng mga negatibong bagay tulad ng tsismis, paninirang puri, o masasamang salita. Ang ganitong uri ng pagkakaibigan ay maaaring makapagbigay ng pansamantalang aliw ngunit walang tunay na halaga sa kabilang-buhay, sapagkat hindi nito pinapalakas ang ating espirituwal na ugnayan kay Allah.

Sa huli, mahalagang suriin kung ang mga kaibigan na nakakasama natin ay nagbibigay ng positibong epekto sa ating buhay, hindi lamang sa materyal na aspeto kundi pati na rin sa ating paglalakbay tungo sa mas mataas na layunin. Ang tunay na kaibigan ay hindi lamang nagbibigay ng saya sa lupa kundi nakakatulong din sa ating paglago bilang mabuting Muslim na may takot kay Allah.

Mga kapwa ko alipin ni Allah, piliin natin ang mga mabubuting kaibigan. Mga kaibigan na nagmamahal sa atin para kay Allah. Mga kaibigan na hinahatak ka sa kabutihan, tinuturuan ka sa kaalamang Islam o ibinabahagi niya ang anumang mayroon siyang kaalaman. Mga kaibigan na inaanyayahan ka sa mga pagtitipon na ang tinatalakay ay karunungan sa Islam na makatutulong sa pagpapalakas ng ating "Iman". Sila ang mabubuting kaibigan, ang mga kapatid natin sa pananampalatayang Islam. Iwasan natin ang kaibigan na magdadala sa atin sa kapahamakan dito sa Mundo at lalo na sa kabilang-buhay. Sinabi ng Allah sa Qur-an tungkol sa mga magkakaibigan na gumagawa ng kasalanan:

﴿ ٱلۡأَخِلَّآءُ يَوۡمَئِذِۭ بَعۡضُهُمۡ لِبَعۡضٍ عَدُوٌّ إِلَّا ٱلۡمُتَّقِينَ ﴾ الزخرف: 67

***"Ang mga matatalik na kaibigan sa Araw na iyon ay magiging magkakaaway sa isa't isa maliban sa mga natatakot [kay Allah]."*** (Az-Zukhruf: 67)

May mga Muslim na nakikisama at nagiging kaibigan ng mga hindi naniniwala kay Allah, at sa kanilang pakikisalamuha ay nasasangkot sa mga gawain na labag sa kalooban ni Allah. Mayroon din sa atin, kapwa lalaki at babae, na nakikibahagi sa mga pagdiriwang ng mga hindi Muslim, tulad ng Christmas,

Birthday, at iba pang mga okasyon nang hindi nauunawaan ang kanilang pagkaligaw at paglabas sa Islam. Ang mga ganitong pagdalo ay nagiging sanhi ng paghahalu-halo ng kalalakihan at kababaihan, na higit pang naglalayo sa kanila mula sa tamang landas.

Mga kapatid, matakot tayo kay Allah nang may tunay na takot. Huwag tayong sumama sa mga gawaing labag sa Kanyang kagustuhan. Maging maingat tayo sa ating mga pagkilos sapagkat ang ating pananampalataya ay mahalaga at dapat nating pangalagaan. Piliin ang mga kakaibiganin natin na silang mga matutuwid na Muslim, isinasabuhay ang Islam at nag-aanyaya sa kabutihan. Huwag nating hayaan ang magsisi sa huli, gaya ng sinabi ni Allah sa Qur-an, na tumutukoy sa mga magkakaibigan:

﴿ وَيَوْمَ يَعَضُّ ٱلظَّالِمُ عَلَىٰ يَدَيْهِ يَقُولُ يَٰلَيْتَنِى ٱتَّخَذْتُ مَعَ ٱلرَّسُولِ سَبِيلًا(27) يَٰوَيْلَتَىٰ لَيْتَنِى لَمْ أَتَّخِذْ فُلَانًا خَلِيلًا(28) لَّقَدْ أَضَلَّنِى عَنِ ٱلذِّكْرِ بَعْدَ إِذْ جَآءَنِى ۗ وَكَانَ ٱلشَّيْطَٰنُ لِلْإِنسَٰنِ خَذُولًا(29) ﴾

الفرقان: 27-29

“***At sa Araw na [iyon] kakagatin ng mapaggawa ng kamalian ang kanyang mga kamay [sa panlulumo], siya ay magsasabi: ‘Sana ay tinahak ko ang landas ng Sugo [si Muhammad]. At kasawian sa akin, kung sana hindi ko siya itinuring bilang matalik na kaibigan. Katiyakan, siya ang umakay sa akin [sa pagkaligaw] mula sa pag-alaala [sa Qur-an] pagkaraang ito ay dumating sa akin. At sa tao, ang satanas ay lagi nang nang-iiwan [sa oras ng kagipitan].’”*** (Al-Furqaan : 27-29)

Sa mga talatang ito ay mababasa ang babala mula sa pakikisama sa masamang kaibigan, sapagkat sinuman ang makikisama sa mga masamang kaibigan ay maaaring ito ang magiging sanhi ng pagpasok niya sa Impiyerno. Nawa’y ilayo tayo ni Allah sa mga masasamang kaibigan.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Paano natin malalaman ang isang kaibigang matuwid sa pananampalatayang Islam?

1. Siya ay masunurin kay Allah at isinasabuhay ang mga Utos Niya.
2. Masigasig siyang naghahanap ng kaalaman sa Islam at ipinamumuhay ang mga aral nito.
3. Ang kanyang ‘Aqeedah (paniniwala) ay matatag at nakabatay lamang sa Qur-an at Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam).
4. Siya ay nagsusumikap na gumawa ng mga mabubuting gawain at tumatalikod sa mga gawaing haram, dala ng kanyang takot at pagmamahal kay Allah.
5. Masigasig siyang nag-aanyaya sa kabutihan para kay Allah. Siya rin ay nagagalit sa mga Bid’ah (mga pagbabago sa relihiyon) at mga bagay na Haram. Taglay niya ang isang matuwid at malinis na puso, hindi siya mayabang, at wala siyang galit o inggit sa kanyang kapwa.
6. Palagi ka niyang pinapaalalahanan tungkol sa iyong Panginoon, lalo na kapag nalilihis ka ng landas. Sa tuwing magkasama kayo, binibigyang-diin niya ang kahalagahan ng pag-aalaala kay Allah upang manatili kang nasa tamang landas at mapalapit sa Kanya.
7. Itinutuwid niya ang iyong mga pagkakamali at minamahal ka niya alang-alang kay Allah.

Mula kay Abu Hurayrah (kalugdan siya ni Allah) na si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

"أَنّ رَجُلاً زَارَ أَخًا لَهُ في قَرْيَةٍ أُخْرَى، فَأَرْصَدَ الله لَهُ على مَدْرَجَتِهِ مَلَكاً" وذكر الحديث إلى قوله: "إِنَّ الله قَدْ أَحَبَّكَ كَمَا أَحْبَبْتَهُ فِيهِ." رواه مسلم

*“Isang lalaki ang bumisita sa kanyang kapatid sa ibang bayan, at si Allah ay nagpadala ng isang anghel upang maghintay para sa kanya sa kalsada. Nang siya ay lumapit sa kanya, sinabi niya: Saan ka patungo? Sinabi niya: Ako ay patungo sa isang kapatid ko sa bayang ito. Siya ay nagsabi: Ikaw ba ay nakagawa sa kanya ng anumang pabor na inaasahan mong kabayaran? Siya ay nagsabi: Hindi, ngunit mahal ko siya para kay Allah. Siya ay nagsabi: Ako ay isang mensahero mula kay Allah sa iyo, upang sabihin sa iyo na si Allah ay nagmamahal sa iyo tulad ng pagmamahal mo sa kanya para kay Allah.”* (Inulat ni Muslim)

Nawa'y pagkalooban tayo ni Allah ng mga mabubuting kaibigan at kapatid sa pananampalataya at ibilang tayo ni Allah sa mga magkakaibigan na pasisilungin sa Kanyang Lilim o “Kursi”, na kung saan ay wala nang Lilim, liban sa Lilim ni Allah sa Araw ng Paghuhukom.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***